
# 9

# Filipino

## Unang Markahan - Modyul 4:

# Panitikang Asyano

## Sanaysay ng Indonesia



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Baitang 9**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Aralin 4: Sanaysay - Indonesia**
**Unang Edisyon: 2014**
**Muling Limbag: 2016, 2017**

**Isinasaad sa Batas Republika 8293, seksyon 176** na isinasaad na hindi maaaring magkaroon ng anumang karapatang kopya ang Pamahalaan ng Pilipinas. Kinakailangan muna ng pahintulot mula sa mga tagapagsulat kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensya ay ang pagtatakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto at iba pa) na ginagamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang ari ng mga iyon. Hindi inangkin ng mga tagapaglatala at mga may akda ang karapatang aring iyon

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sec. Leonor M. Briones
Pangalawang Pangulo: Tonisito M. Umali

**Development Team of the Module**

**Author:** Emma P. Tormis

**Editor:** Emma P. Tormis, Susan S. Bellido, Alice B. Maglinte

**Tagasuri:** Anita D. Subebe EMD

**Tagaguhit:** Emma P. Tormis, Swelyn E. Forro

**Tagalapat:** Marvin D. Barrientos

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres, CESO III
Eugenio B. Penales, Ed D
Sonia D. Gonzales
Ma. Liza R. Tabilon, EdD CESO V
Lilia E. Abello Ed D

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: ____________________________________________
____________________________________________
Telefax: ____________________________________________
E-mail Adress: ____________________________________________

9

# Panitikang Asyano

## Unang Markahan – Modyul 4: Sanaysay ng Indonesia

Ang modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag email ng kanilang mga mungkahi para sa Kagawaran ng Edukasyon action@deped.gov.ph

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang (Filipino 9) ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Aralin 1.4 Panitikang Asyano-Sanaysay- Indonesia

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinagtagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa ______(Filipino)___ ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa _(Aralin 1.4 Panitkang Asyano-Sanaysay- Indonesia)_!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
|  | ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
|  | ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
|  | ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
|  | ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  | ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari karin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito

# *Alamin*

Maligayang pagdating sa ikaapat na modyul kaibigan. Ako ay nagagalak na natapos mo ang ikatlong modyul. Napakagaling! Naririto akong muli ang iyong kaibigan na si Kokoy para gumabay sa iyong paglalakbay.

Natatandaan mo pa ba kaibigan ang ating tinalakay sa nakaraang aralin? Ito ay ang tulang naglalarawan. Magaling! Ang tulang "Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan," na akda ni Pat V. Villafuerte ay nagpapakita ng ating kultura dito sa Pilipinas tulad ng *paggalang sa mga babae at may kapansanan, paggalang sa mga bata at matanda, at pagbabayanihan at pagkakapatiran.*

Bahagi rin ng ating talakayan ang wastong gamit ng mga salitang naglalarawan o pang-uri na nagpapatingkad sa mga pahayag.

Handa ka na ba kaibigan sa bagong aralin? Magaling! Ating kilalanin at aalamin ngayon ang isang sanaysay na pinamagatang "Kay Estella Zeehandelaar" mula sa Indonesia na isinalin ni Elynia Ruth S. Mabanglo. Atin ding tatalakayin ang mga gamit ng pang-ugnay sa pagpapahayag ng mga opinyon na makatutulong sa paglalahad ng mga pangyayari.



Inaasahan ko na pagkatapos ng ating paglalakbay nagagawa mo ang mga sumusunod:


1. Naipaliliwanag mo ang salitang may higit sa isang kahulugan;

2. Nasusuri mo ang paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa napanood na debate o kauri nito;

3. Naisusulat mo ang sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat na katangian ng Kabataang Asyano; at

4. Nagagamit mo ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw.

Handa ka na ba? Tara! Magsimula na tayo.



## Subukin

Ngayon kaibigan bago tayo magpatuloy sa ating aralin nais ko munang tayahin ang iyong kakayahan. Nakahanda ka na ba?

**Panuto**: Basahin ang sumusunod na mga tanong. **Isulat** ang **letra** ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Isang uri ng sulatin o komposisyon na nagpapahayag ng pananaw o opinyon ng sumulat nito. Ito ay naglalayong magbahagi ng impormasyon, magpahayag ng nararamdaman, manghikayat ng ibang tao, at iba pa

   A. Alamat
   B. Maikling kuwento
   C. Nobela
   D. Sanaysay

2. Hanggang ngayon, sinusunod pa rin ng nakararami ang mga lumang *tradisyon*. Ano ang kahulugan ng salitang nakaitalisado?

   A. Nakaugalian
   B. Pamahiin o paniniwala
   C. Panuntunan
   D. Tanikala

3. Ang tawag sa mga salitang nag-uugnay ng dalawang salita, dalawang parirala at dalawang sugnay

   A. Pang-angkop
   B. Pangatnig
   C. Pang-abay
   D. Pang-ukol

4. Napakarami na niyang napagtagumpayang problema _______hindi na niya alintana ang mga darating pa. Alin ang pangatnig na angkop gamitin sa pangungusap?

   A. dahil sa
   B. kaya
   C. sapagkat
   D. subalit

5. "Kung wala kang magandang sasabihin, mainam na itikom mo nalang ang iyong bibig upang hindi makasakit." Ano ang ibig ipakahulugan sa pahayag?

   A. huwag magsalita kung walang sasabihing maganda
   B. mahalagang mapigil ang damdamin
   C. matutong magpakahinahon
   D. Lahat ng nabanggit

6. Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay. Kinakailangang ikahon ako. Ano ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan?

A. itali sa bahay
B. ikulong
C. pinagbawalan
D. saktan

7. “Bata pa si Red subalit siya’y responsible na.” Alin ang pangatnig na ginamit sa pangungusap?

A. bata
B. subalit
C. siya’y
D. responsible

8. Isa sa mga pagnanais ng isang babeng Javanese noon na mabago ang kaugaliang nakasanayan para sa kababaihan- ito ang pagkakaroon ng pantay na karapatan ng kababaihan sa kalalakihan. Bilang isang batang Asyano na naghahangad ng pagkakapantay-pantay, paano mo ipapaalam sa mga kababaihan ang kanilang karapatan?

A. ibahagi ang RA 9262 o Violence against women and their Children
B. magbigay alam sa DSWD sa mga problemang pangkababaihan
C. makipagtulungan sa mga kapwa kababaihan sa lugar
D. tutulungan ang mga kababaihan sa kanilang karapatan

Piliin ang tamang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. **Isulat** ang **titik** ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| A. paaralan | B. klasipikasyon o pangkat |
|---|---|

____9. Si Mario ay isang matalino at responsableng bata sa klase.

____10. Nauuri sa dalawang klase ang lipunan, may mayaman at mahirap.

| Aralin 1.4 | **A. Panitikan: Kay Estella Zeehandelaar**<br>**Sanaysay- Indonesia**<br>**B. Gramatika/Retorika: Gamit ng mga Salitang Pang-ugnay sa Pagpapahayag ng Opinyon**<br>**C. Uri ng Teksto: Naglalahad** |
|---|---|

# Panimula



Magaling! Ngayon naman, ating lakbayin ang nakamamanghang lugar ng Indonesia at sabay nating pag-aralan ang ilan sa kanilang panitikan na may malaking ambag sa sarili nating panitikan. Ilalahad sa araling ito kaibigan ang isang sanaysay na tumatalakay sa isang babaeng nagnais na kumawala sa nakasanayang tradisyon ng kanilang lahi at mamuhay ng naaayon sa depinisyon ng modernong babaeng- malaya at marunong humarap sa mga pananagutan. Nasasabik ka na ba kaibigan?

Naglalaman ang araling ito ng sanaysay na salin ni Elynia Ruth S. Mabanglo na pinamagatang " Kay Estella Zeehandelaar" mula sa Indonesia.


Halina kaibigan!



## *Balikan*

**Gawain 1. Paghambingin mo**

**Paghambingin** ang mga kababaihan noon at ngayon ayon sa kanilang pagkakaiba at pagkakatulad gamit ang *Venn Diagram*. Gayahin ang pormat sa papel





## *Tuklasin*



Handa ka na ba sa susunod na gawain? Magaling! Bago natin basahin ang nakasasabik na akda ay lilinangin muna natin ang iyong kaalaman sa talasalitaan. Galingan mo!

**Gawain 2. Tukuyin at ipaliwanag mo**

May mga salitang higit sa isa ang kahulugan gaya ng mga salitang *italisado* sa bawat bilang. **Isulat** sa kahon ang **letra** ng tamang kahulugan nito batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. **Ipaliwanag** sa linya kung bakit ito ang napili mong sagot.

A. moderno B. klima

☐ 1. Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong *panahon*.

*Paliwanag*:____________________________________________

☐ 2. Ang *panahon* noon ay mainit at maalinsangan.

*Paliwanag*:____________________________________________

A. lahi B. kulay

☐ 3. Hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga *puting* kapatid na babae na tumatanaw sa malayong Kanluran

*Paliwanag*:____________________________________________

☐ 4. Ang *puting* damit ang paboritong suot ng mga babaeng tulad ko.

*Paliwanag*:____________________________________________



Magaling! Alam kong handang-handa ka na sa ating babasahin dahil nasagutan mo nang maayos ang talasalitaan. Halika na! Basahin natin ang isang bahagi ng liham ng isang prinsesang Javanese mula sa Indonesia na isinalin sa Filipino ni Ruth Elynia S. Mabanglo na pinamagatang
"Kay Estella Zeehandelaar."

## KAY ESTELLA ZEEHANDELAAR Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo Mula sa Mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese



Japara, Mayo 25, 1899

Ibig na ibig kong makilala ng isang "babaeng moderno" iyong babaeng malaya, nakapagmamalaki't makaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla't maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan at kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong panahon; totoong sa puso't isip ko'y hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga puting kapatid na babae na tumatanaw sa malayong kanluran.

Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng aking bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang sarili sa mga nagtratrabaho't nagsisikap na bagong kababaihan ng Europe; subalit nakatali ako sa mga lumang tradisyong hindi maaaring suwayin. Balang araw maaaring lumuwag ang tali at kami'y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon. Alam mo ba kung paano mahalin ang bago at batang panahong ito ng buong puso't kaluluwa kahit nakatali sa lahat ng batas, kaugalian at kumbensyon ng sariling bayan.

Tuwirang sumasalungat sa kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon namin. Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. Alam kong para sa aking sarili'y magagawa kong iwasan o putulin ang mga ito, kaya lamang ay may mga buklod na matibay pa sa alinmang lumang tradisyon na pumipigil sa akin; at ito ang pagmamahal na inuukol ko sa mga pinagkakautangan ko ng buhay, mga taong nararapat kong pasalamatan sa lahat ng bagay. May karapatan ba akong wasakin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahal at kabutihan, mga taong nag-alaga sa akin ng buong pagsuyo?

Ngunit hindi lamang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit at bagong-silang na Europe ay nagtutulak sa aking maghangad ng pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Kahit noong musmos pa ako'y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang "emansipasyon"; may isang naiibang kabuluhan ito, isang kahulugang hindi maaabot ng aking pang-unawa. Gumigising ito para sa hangarin ang pagsasarili at kalayaan- isang paghahangad na makatayong mag-isa. Ang puso ko'y sinusugatan ng mga kondisyong nakapaligid sa akin at sa iba, buong lungkot na pinag-aalab ang mithiin kong magising ang aking bayan.

Patuloy na lumapit ang mga tinig na galing sa malayong lupain, umaabot sa akin, at sa kasiyahan ng ilang nagmamahal sa akin at sa kalungkutan ng iba, dala nito ang binhing sumupling sa aking puso, nag-ugat, sumibol hanggang sa lumakas at sumigla.

Ngayo'y kailangang sabihin ko ang ilang bagay ukol sa sarili upang magkakilala tayo.

Panganay ako sa tatlong babaing anak ng Regent ng Japara. Ako'y may animna kapatid na lalaki at babae. Ang lolo kong si Pangeran Ario Tjondronegoro ng Demak ay isang kilalang lider ng kilusang progresibo noong kapanahunan niya. Siya rin ang kaunaunahang regent ng gitnang Java na nagbukas ng pinto para sa mga panauhin mula sa ibayong dagat-ang sibilisasyong Kanluran. Lahat ng mga anak niya'y may edukasyong European, at halos lahat ng iyon (na ang ilan ay patay na ngayon) ay umiibig o umibig sa kanlurang minana sa kanilang ama; at nagdulot naman ito sa mga anak nila ng uri ng pagpapalaking nagisnan nila mismo. Karamihan sa mga pinsan ko't nakatatandang kapatid na lalaki ay nag-aral sa Hoogere-Burger School, ang pinakamataas na institusyon ng karunungang matatagpuan dito sa India. Ang bunso sa tatlong nakatatandang kapatid kong lalaki'y tatlong taon na ngayong nag-aaral sa Netherlands at naglilingkod din naman doon bilang sundalo ang dalawa pa. Samantala, kaming mga babae'y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming lumang tradisyon at kumbensyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae, lalo't kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saan man, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar na pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad naming bukas sa mga babae ay ang libreng grammar school ng mga European.

Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay-kinailangang "ikahon" ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-uganayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras. Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi


naman ipinagbawal. Ito-ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyon, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang nagiging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo sigurong nawalan ng kabuluhan ang buhay ko't kaluluwa. Subalit dumating ang kaibigan ko't tagapagligtas-ang Diwa ng panahon; umalingawngaw sa lahat ng dako ang mga yabag niya. Nayanig sa paglapit niya ang palalo't matatag na balangkas ng mga lumang tradisyon. Nabuksan ang mga pintong mahigpit na nakasara, kusa ang iba, ang iba nama'y pilit at bahagya lamang ngunit bumukas pa rin at pinapasok ang mga di-inanyayahang panauhin.

Sa wakas, nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang Malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong bridegroom. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayari nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.

Nang sumunod na taon, sa oras ng pagtatalaga sa poder ng bata pang Prinsesa (bilang Reyna Wilhemina ng Netherland), "opisyal" na inihandog sa amin ng mga magulang naming ang aming kalayaan. Sa kauna-unahang pagkakataon sa aming buhay, pinayagan kaming umalis sa bayan namin at pumunta sa siyudad na pinadarausan ng pagdiriwang para sa okasyong iyon. Anong dakilang  tagumpay iyon! Ang maipakita ng mga kabataang babaeng tulad namin ang sarili sa labas, na imposibleng mangyari noon. Nasindak ang "mundo" nagiging usap-usapan ang "krimeng" iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Nagsaya ang aming mga kaibigang European, at para naman sa amin, walang reynang yayaman pa sa amin. Subalit hindi pa ako nasisiyahan. Lagi, ibig kong makarating sa malayo, mas malayo. Wala akong hangaring makapamista, o malibang. Hindi iyon ang dahilan ng paghahangad kong magkaroon ng kalayaan. Ibig kong malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral, hindi para mapailalim sa sinuman, at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan.

Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim. Ito ang pinakamalaking maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kanyang pamilya.

At ang pag-aasawa para sa amin-mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensyon; kung ang lahat ng kaluwaga'y para sa kanya lang?



## *Suriin*

Magaling kaibigan!  Natapos mong basahin ang liham. Kumusta? Marahil ikaw ay napaibig at namangha? Magaling! Matapos mong basahin ang liham, Sagutan mo ang mga sumusunod.



**Gawain 3**. Basahin at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Sino si Estela Zeehandelaar?
   A. aktibista at kaibigan ni Kartini
   B. feminist at kaibigan ni Kartini
   C. radikal na feminist at Dutch
   D. radikal na feminist at Aleman

2. Paano ipinakilala ng prinsesa ang kanyang sarili?
   A. aktibistang anak na babae ng Regent ng Japara
   B. bunso sa tatlong babaeng anak ng Regent ng Japara
   C. prinsesang Javanese na gustong makalaya sa lumang tradisyon
   D. radikal na feminist at may pagmamahal sa pamilya

3. Ano ang mga nais ng prinsesa na gusto niyang mabago sa kaugaliang Javanese para sa kababaihan?
   A. makamit ang nais mangyari sa buhay
   B. matamasa ang di pantay na karapatan ng mga kababaihan
   C. panatilihin ang pagmamahal na ibinibigay sa mga kababaihan
   D. pahalagahan ang mga kababaihan at hayaan silang maging malaya

4. Sa Pilipinas, alin sa mga sumusunod na kaugalian noon ang nagpapakita ng kawalan ng pantay na karapatan sa mga kababaihan?
   A. ang babae ay nasa bahay lamang nananatili
   B. lalaki lamang ang may karapatang mag-aral
   C. kababaihan ang gumagawa ng gawaing bahay
   D. pagpapakasal sa mga babae sa isang estranghero

5. Sa kasalukuyan, ano ang batas ang nagbibigay ng proteksyon sa mga kababaihan?
   A. RA 9262 o Violence against women and their Children
   B. RA 9162 o Violence against women and their Children
   C. RA 10627, o Anti-Bullying Act
   D. RA 9485 o ang *Anti-Red Tape* Act of 2007



# *Pagyamanin*

**Alam mo ba!**

Ang *sanaysay o essay* ay akdang sulat na naglalaman ng mensahe, pananaw o ideya ng may akda tungkol sa isang paksa. Ang mga uri ng sanysay ay nag-iiba depende sa nilalaman at paksang tinatalakay. Ang sanaysay ay maaaring pormal at di-pormal. Ang *pormal* na sanaysay ay karaniwang nagpapahayag tungkol sa seryosong paksa at karaniwang isinusulat na may taglay na maiging pag-aaral o pananaliksik ng may akda. Ang *di-pormal* na sanaysay naman ay maaring tungkol sa karaninwang mga paksa, personal na pananaw o mga sualt na naglalayong makapagbigay aliw sa mambabasa. Ang tema at pormat nang pagsulat nang ganitong uri ng sanaysay ay kadalasan may bakas ng personalidad ng may akda at parang nakikipag-usap lamang sa isang kaibigan at hindi gaanong pormal ang mga salitang gamit sa pagsulat.

**Ang mga Pang-ugnay at mga Pahayag**
**na Ginagamit sa Pagbibigay ng Sariling Pananaw**

**A. Pang-angkop (Ligature)** – Ito ay ang mga katagang nag-uugnay sa **panuring** at salitang **tinuturingan**. Ito ay nagpapaganda lamang ng mga pariralang pinaggagamitan. May **dalawang uri** ng pang-angkop.

- Ang pang-angkop na **na** ay ginagamit kapag ang unang salita ay nagtatapos sa **katinig** maliban sa **n**. Hindi ito isinusulat nang nakadikit sa unang salita. Ihiwalay ito. Nagigitnaan ito ng salita at ng panuring.

  *Halimbawa*: mabait **na** tao
- Kapag ang unang salita naman ay nagtatapos sa titik **n**, kinakaltas ang **n** at ikinakabit ang **–ng.**

  *Halimbawa*: huwara**ng** mamamayan
- Ang pang-angkop na **–ng** ay ginagamit kung ang unang salita ay nagtatapos sa mga **patinig**. Ikinakabit ito sa unang salita.

  *Halimbawa*: masama**ng** nilalang

**B. Pang-ukol (Preposition)** - Ito ay ang bahagi ng pananalita na nag-uugnay sa pangngalan, pandiwa, panghalip, o pang-abay sa iba pang mga salita sa loob ng pangungusap.

| | |
|---|---|
| sa | ng |
| kay/kina | alinsunod sa/kay |
| laban sa/kay | ayon sa/kay |
| hinggil sa/kay | ukol sa/kay |
| para sa/kay | tungkol sa/kay |

C. **Pangatnig (Conjunction)-** Ito ay ang bahagi ng pananalita na nag-uugnay sa dalawang salita, sugnay, parirala, or pangungusap. Maari itong nagpapakita ng pagbubukod, pagsasalungat, o paglilinaw.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| at | ni | o | kaya | maging |
| kung alin | sa halip | kung sino | siya rin | kung saan |
| man | saka | pati | dili kaya | gayundin |
| kung gayon | datapwat | subalit | bagkus | samantala |
| maliban | habang | bagaman | kung | sa bagay |
| kundi | kapag | sakali | sana | pagkat |
| sapagkat | kasi | kung kaya | palibhasa | dahil sa |
| sanhi ng | anupa | samakatwid | sa madaling salita | |

Mabisang gamit sa pagbibigay ng sariling pananaw ang mga pang-ugnay. Maaaring banggitin ang sariling damdamin, paniniwala, ideya, at karanasa sa pagbibigay ng sariling pananaw. Ilan sa mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng sariling pananaw ay ang mga bumusunod:

- Naniniwala ako na...
- Para sa akin…
- Lubos akong naniniwala…
- Kung ako ang tatanungin masasabi kong…
- Palibhasa'y napagdaanan ko kaya nakikita kong…
- Sa pangyayari, masasabi kong…

**Gawain 4. Ikaw naman.**

**Salungguhitan** ang pang-ugnay na ginamit sa pangungusap. **Isulat** sa linya kung anong uri ito ng pang-ugnay.

__________1. Huwarang babae kung ituring ang mga babaeng may paninindigan.

__________2. Alinsunod sa kanilang tradisyon, ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim.

__________3. Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin.

__________4. Paano nga ba hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas.

**Gawain 6. Isulat mo**

**Basahin** ang mga pahayag na binanggit sa sanaysay. Pagkatapos, **sumulat** ng isang talatang binubuo ng anim na pangungusap na nagpapahayag ng sariling pananaw tungkol sa naging bunga sa pakikipaglaban niya sa diskriminasyon sa mga kababaihan. **Isulat** ang nabuong talata sa isang buong papel.

- Samantala, kaming mga babae'y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming mga lumang tradisyon at kumbensiyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae, lalo't kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskuwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saan man, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar ng pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad namin na bukas sa mga babae ay ang libreng grammar school ng mga European.

- Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay – kinailangang "ikahon" ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-ugnayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makakapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

- Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras. Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y ang pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi naman ipinagbawal. Ito – ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyo, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang naging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo sigurong nawalan ng kabuluhan ang buhay ko't kaluluwa. Subalit dumating ang kaibigan ko't tagapagligtas – ang Diwa ng Panahon; umalingawngaw sa lahat ng dako ang mga yabag niya. Nayanig sa paglapit niya ang palalo't matatag na balangkas ng mga lumang tradisyon. Nabuksan ang mga pintong mahigpit na nakasara, kusa ang iba, ang iba nama'y pilit at bahagya lamang ngunit bumukas pa rin at pinapasok ang mga di-inanyayahang panauhin.

- Sa wakas, nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong bridegroom. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayaring nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.


**Gawain 7. Isulat mong muli**

Napalutaw sa akda ang pagnanais ng isang babeng Javanese na magbago sa kaugaliang nakasanayan para sa kababaihan- ito ang pagkakaroon ng pantay na karapatan ng kababaihan sa kalalakihan. Bilang isang kabataang Asyano na naghahangad ng pagkakapantay-pantay, **isulat** sa talahanayan ang iyong sariling opinyon kung ano-ano ang maaari mong maitulong upang maiwasan ang diskriminasyon sa mga kababaihan.

| *Mga nabanggit na pangyayari sa binasang akda* | *Dapat gawin ng mga kabataang Asyano upang maiwasan o malabanan ito* | *Hindi dapat gawin ng mga kabataang Asyano upang maiwasan o malabanan ito* |
|---|---|---|
| Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae | | |
| Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay | | |
| Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-ugnayan sa mundong nasa labas ng bahay | | |
| ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. | | |



## Isaisip



**Gawain 8. Ikompleto mo.**

Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag.

1. Sa araling ito, natuklasan ko na ang sanaysay ay______________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

2. May iba't ibang uri ng pang-ugnay tulad ng _________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________

3. Mahalaga ang paggamit ng mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw dahil ____________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________



## *Isagawa*



Mahusay! Sa puntong ito, lubos mo nang naunawaan ang ating aralin. Ngayon naman, gamit ang mga pang-ugnay, suriin at maglahad ka ng mga opinyon mo mula sa debateng iyong napanood o napakinggan sa social media, TV, selpon o maging sa radyo. Gawin mong basehan ang pamantayan sa ibaba. Gamitin mo ang nakalaang espasyo sa ibaba sa pagsulat ng iyong sagot

**Gawain 9. Opinyon Mo**

Gamit ang mga pang-ugnay, maglahad ng mga opinyon mula sa debateng inyong napanood o napakinggan. Bigyan mo ng puntos ang paglalahad ng mga opinyon kung ito ay maayos na naiugnay upang maging malinaw ang paglalahad ng opinyon.

*Rubric* sa Pagbibigay ng Opinyon

| **Pamantayan** | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman**<br><br>Pagsunod sa uri ng anyong hinihingi<br>Lawak at lalim ng pagtalakay | Pinakamahu-say | Mahu-say | Katanggap-tanggap | Mapaghuhu-say | Nangangailangan pa ng mga pantulong na pansanay |
| **Balarila**<br>Wastong gamit ng Wika<br>Paglimita sa paggamit ng mga salitang hiram | | | | | |
| **Hikayat**<br>Paraan ng pagtalakay sa paksa<br><br>Pagsunod sa tiyak na panutong ibinigay ng guro kaugnay ng gawain | | | | | |



## *Tayahin*

**Panuto**: Basahin ang mga sumusunod na mga katanungan. Piliin at isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga sumusunod ay mga tradisyon na sinunod ng pamilya ni Estella Zeelandelaar

   A. bawal magtrabaho ang kababaihan
   B. hindi nakapag-aaral ang mga babae
   C. ipinagkasundo ang mga babae sa kanilang mapangasawa
   D. Lahat ng nabanggit

2. "Ngayon <u>*na*</u> ang panahon upang maisaayos ang buhay mo." Anong uri ng pang-ugnay ang nakaitalisadong salita?

   A. Pangatnig
   B. Pang-ukol
   C. Pang-angkop
   D. Pangawing

3. Kung kayo ay isa sa mga kabataang naging biktima ng pandemia na COVID 19 sa inyong lugar, ano ang maipapayo mo sa mga kabataang may matitigas na ulo?

A. hahayaan nalang sila dahil may sarili silang pag-iisip
B. payuhan na susunod sa mga mga protokol na ipinatupad
C. bigyan ng kalayaan ang mga kabataan na maging masaya
D. Iwasan ang makihalubilo sa mga kabataan upang walang gulo

4. Ngunit hindi lamang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit, at bagong silang na Europa ay nagtutulak sa akin na maghangad ng pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Alin ang pinakaangkop na kahulugan sa salitang may salungguhit?

A. maganda
B. masipag
C. maalalahanin
D. matapang

5. Mga pang-ugnay na itinuturing sa wikang Filipino maliban sa ______.

A. Pang-abay
B. Pang-angkop
C. Pang-ukol
D. Pangatnig

6. Alinsunod sa batas, bawal ang illegal na pagpuputol ng mga puno sa kabundukan. Anong uri ng pang-ugnay ang salitang may salungguhit?

A. Pang-angkop
B. Pangatnig
C. Pang-ukol
D. Pang-abay

Basahin ang mga sumusunod na pahayag sa ibaba na may higit sa isang kahulugan mula sa binasang sanaysay (Kay Estella Zeehandelaar). Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

7. Buong kasabikan kong sinalubong ang pagdating ng bagong panahon.

A. modernong panahon B. nakaraang panahon
C. kasalukuyang panahon D. malayang panahon

8. Balang araw, maaaring lumuwag ang tali at kami'y makalaya sa pagkakaalipin.

A. pinagbabawalan B. binigyang pahintulot
C. binigyang biyaya D. pinaaalis

9. Kinakailangang ikahon ako, ikulong at pagbawalang lumabas ng bahay.

A. parusahan B. ikulong
C. itago D. pahirapan

10. Hindi ako <u>nabibilang</u> sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga puting kapatid.

A. kauri B. kasama C. kabilang D. kaugnay



## *Karagdagang Gawain*

Natatauwa naman ako dahil natapos mo na ang tayahin. Kaya mo pa ba? Magaling! Para sa panghuling gawain, basahin mo ang isang halimbawa ng sanaysay tungkol sa pag-ibig at siguradong kikiligin ka rin dito. Humanda ka na!



**Sanaysay sa Pag-ibig**

*Akda ni TellMeWhereToStart na halaw mula sa Wattpad*

Maraming uri ng pag-ibig sa mundo. Pag-ibig para sa pamilya, sa mga kaibigan, sa Diyos at sa taong gusto mong makasama pang-habambuhay. Hindi naman daw mahirap hanapin ang taong bubuo sa buhay natin. Kailangan lang natin maghintay na kusa siyang dumating.

May pag-ibig na handang isuko ang lahat sumaya lang ang taong mahal niya. Kaya tayo nagpaparaya ay dahil ayaw natin ikulong ang isang tao sa pag-ibig natin. Pagdating kasi sa *love*, hangga't hindi ka niya matutunang mahalin ay hindi siya sasaya sa piling mo. Ano ba ang mas gusto natin? Yung katabi nga natin siya, ngunit hindi siya masaya, o yung malayo man siya sa piling mo alam mong masaya na siya kahit sa piling ng iba?

May pag-ibig na naghahangad ng pangalawang pagkakataon. Pero hindi naman lahat ng tao nabibigyan ng *second chance*. Kung isa ka man sa masuwerteng nabigyan, puwes 'wag mo nang sayangin yun. Binigyan ka ng isa pang pagkakataon dahil MAHAL KA NG TAONG MAHAL MO. At handa niyang kalimutan ang mga ginawa mo sa kanya noon.

May pag-ibig na mali sa mata ng marami. Yung pag-ibig na tama pero nasa maling pagkakataon. Dito pumapasok ang pagiging 2 *timer*. Maaaring may gusto ka sa kanya pero may iba na siya, o ikaw naman ang may iba, pero gusto ninyo pa rin ang isa't isa. Ikaw ay nasa maling pagkakataon. Lagi mong isipin na may *girlfriend* o *boyfriend* kana, bago pumatol sa iba.

May pag-ibig na nagsimula sa matagal na pagkakaibigan, at kalaunan ay nahulog ang damdamin sa *best friend* niya. Ang pinakamatibay daw na pundasyon ng pag-ibig ay ang pagkakaibigan, meron kasi itong TIWALA at matagal nang NAPATUNAYAN. Marami ang ayaw tanggapin ang pag-ibig ng bestfriend nila, dahil ang relasyon daw ay maaaring masira sa isang maling gawa, pero ang pagkakaibigan, puwede yang habang buhay. Ikaw, ano ba ang pipiliin mo? Yung relasyon niyo ni *best friend* na maaaring magkalamat, o mas mahalaga sa iyo ang *friendship*?

Pinagkunan: https://www.wattpad.com/29374611-sanaysay-sa-pag-ibig-pov

Pagkatapos mong mabasa ang sanaysay, gawin mo ang hinihingi sa ibaba. Kaya mo yan kaibigan!



**Gawain 8. Talaan ng mga Katangian**

Mula sa binasa mong akda, itala ang mga katangian ng mga Kabataang Asyano tungkol sa pag-ibig na dapat at hindi dapat.

| Dapat | Hindi Dapat |
|---|---|
| | |
| | |

**Gawain 9. Opinyon mo ay Ilahad**

Ano ang tunay na pag-ibig para sa iyo?

Sagot:
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________.

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**
**GAWAIN 1**

**Tradisyunal na babae:**
Ang tradisyonal na babae ay yung mga madalas sa tahanan at paaralan lamang. Sila ay inaasahang maging kagaya ni Maria Clara - mahinhin, mayumi, dahan-dahan kung kumilos.

Modernong babae:

Ang mga modernong babae naman ang yung mga hindi nakakulong sa persepsyon para sa tradisyonal na gampanin ng mga babae. Sila ay hindi lamang sa tahanan dahil sila ay maaaring nagtagumpay sa
' ngan ng medisina,

**TUKLASIN**
**GAWAIN 2**
1.A
**Paliwanag:**
Ang ibig sabihin ng salitang *panahon* sa pangungusap ay modernong panahon
2.B
**Paliwanag:**
Ang salitang *panahon* sa pangungusap ay nangangahulugang klima o *climate*
3. A
**Paliwanag:**
Ang ibig sabihin ng salitang *puti* sa pangungusap ay lahi. Ang lahi ay nangangahulugang pangkat ng tao na nagtataglay ng magkatulad at natatanging pisikal na katangian.
4. B
**Paliwanag:**
Ang salitang *puti* sa pangungusap ay nangangahulugang kulay.

Para sa:
Gawain 5, 6, 7, 8 ,9 ang sagot ay nakadepende sa mag-aaral

**SUBUKIN**
**1. D**
**2. A**
**3. B**
**4. B**
**5. A**
**6. B**
**7. B**
**8. A**
**9. A**
**10. B**

**Suriin**
**Gawain 3**
**1. C**
**2. C**
**3. D**
**4. B**
**5. A**

**PAGYAMANIN**
**GAWAIN 4.Ikaw naman**
**1. Pang-angkop-** huwarang
**2. Pang-ukol-** Alinsunod sa
**3. Pangatnig-** kundi
**4. Pangatnig -**kung

**TAYAHIN**
**1. D**
**2. C**
**3. B**
**4. A**
**5. A**
**6. C**
**7. A**
**8. B**
**9. B**
**10. C**

# *Sanggunian*

Julian, Ailene B. et. al. Ikalawang Edisyon 2015. PINAGYAMANG PLUMA 9 Aklat 1. Aralin 4: Mga Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City, pp. 80-100.

Peralta, Romulo N. et. al. Modyul 9 2016. Panitikang Asyano Modyul ng mga mag-aaral sa Filipino 9. Aralin1.4: Sanaysay. Republika ng Korea, Prinpia Co., Ltd. Korea, pp. 50-59.

**Hanguang Elektroniko**

Retrieved from :https://www.wattpad.com/29374611-sanaysay-sa-pag-ibig-pov

Retrieved from :http://markjan-markjan.blogspot.com/2009/10/kay-estella-zeehandelaar-salin-ni-ruth.html

Retrieved from :https://www.wattpad.com/29374611-sanaysay-sa-pag-ibig-pov

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph